# PANANAW

ni LADISLAO BELLA SUBANG

## Linggo ng Wika

MASIGLANG sinimulan ng bansa ang paggunita sa Linggo ng Wika noon ika-13 ng Agosto hanggang ika-19, ang ika-98 kaarawan ng pagsilang ng yumaong Pangulong Manuel L. Quezon, kinikilalang "ama ng Wikang Pambansa at Katarungang Panlipunan." Sa ipinamalas na init ng paggunita, na nanguna pa ang Pangulong Marcos, na nagpakilala ng tunay na pagmamahal sa wikang Pilipino, ang katuparan sa layong pagkakaroon ng isang wika ang Pilipinas, na magagamit na tulay ng pag-uunawaan ng lahat ng Pilipino ay malapit na sa kaganapan. Taun-taon ay sumisigla ang pagdiriwang sa Linggo ng Wika, na halos ang lahat ng may damdaming maka-bansa ay lumalahok. Ang Surian ng Wikang Pambansa, ang KAWIKA, isang pambansang samahan ng mga maka-wika, ang mga paaralang pribado at bayan, ang lahat ng samahang pang-wika sa loob at labas ng mga paaralan ay parang iisang tao na nagbunyi sa paggunita ng Linggo ng Wika. Sapagkat kinikilala na ngayon ng Sambayanang Pilipino ang kahalagahan ng mga pagsasakit ng mga maka-wika sa pagtitindig ng Wikang Pambansa, salig sa Tagalog. Nagsimulang sumigla ang wikang Tagalog noong panahon ng Commonwealth, nang sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap na nilagdaan ng Pangulong Quezon at ibilang ang Tagalog na isa sa tatlong opisyal na wika ng Pilipinas. Sa panahon ng martial law ay lalo itong sumigla pagkaraang ang Pangulong Marcos at Kalihim Francisco Tatad ng Kagawaran ng Kabatirang Pangmadla ay magsigamit ng Wikang Pilipino sa tuwing magsasalita sila sa mga pagtitipon. Ngayon ay hindi lamang sa mga kubo at bahay na dampa ginagamit ang wikang Pilipino kundi pati na rin sa malalaking tahanan. Ang Kagawaran ng Paggawa na inuugitan ni Kalihim Blas Ople ay laging nangunguna sa mga kilusang pangwika, laluna sa lahat ng pagtitipon, opisyal at hindi, na kailangan ang tulong ng kagawaran.

**THE REPUBLIC**
Isang Bansa, Isang Diwa

**Board of Editors**

*Chairman:* Francisco S. Tatad
*Members* Lorenzo J. Cruz, Florentino S. Dauz
*Managing Editor:* Luis V. Ople
*Editorial Staff:* Juanita G. Trinidad, Marcos D. Agayo, Gloria Jane Baylon, Rosalinda G. Roxas. Rowena M. Lumen, Jake T. Espino, Alma L. Diputado
*Art Director:* Micaelita C. Almendral; *Art Consultant:* Larry Z. Alcala; *Photo Editor:* Wilfredo G. Avila, *Production Manager:* Marcelino N. Palisoc; *Production Assistant:* Cesar B. Tablason *Circulation Manager:* Bruno R. Dabu.

THE REPUBLIC is published fortnightly by the Department of Public Information, Malacañang, Manila, for government managers. The Editors welcome contributions of manuscripts and photographs which should be sent to THE REPUBLIC, BNFI, UPL Building, Intramuros, Manila. While they will take reasonable care, the Editors assume no responsibility for the return of unsolicited manuscripts. Entered as a second-class mail matter on March 5, 1973 at the Manila Central Post Office.

ISANG BAGONG brain-child ni First Lady Imelda Romualdez-Marcos, bilang gobernadora ng Metropolitan Manila, ang dapat na suportahan ng lahat. At isagawa ito, hindi lamang sa MM kundi pati sa lahat ng dako ng bansa. Ito ay tungkol sa proyektong pagpapagawa ng bahay para sa maliliit na empleado at manggagawa ng gobyerno. Tinatawagan niya ang pribadong sektor na magpasimuno sa kapakanan naman ng kanilang mga empleyado. Halimbawa, ang maliliit na empleyado at manggagawa sa Malakanyang. Para sa kanila ay isang housing project ang ipatatayo sa Antipolo, Rizal na masasangkapan ng lahat ng kaluwagan na masusumpungan sa mga modernong komunidad. Ang mga bahay na ito ay paaakupahan sa mga empleyadong maliliit ang sahod at pauupahan nang mababa, depende sa kanilang sinasahod. Ang hakbang na ito ng First Lady ay tungo sa makatotohanang paglutas sa problema ng pabahay sa MM. Ito ang pangunahing problema ngayon sa MM na dapat na pagtuunan ng pansin ng mga kinauukulan. Sapagkat higit sa nararapat na dami ng mga dapat manirahan ang nasa MM. Kaya, ang mga pribadong sektor, laluna ang malalaking korporasyon at bahay-kalakal ay tinatawagan niya upang manguna. Ito lamang ang paraan upang mabawasan ang dami ng tao sa MM, laluna sa Maynila. Sari-saring problema ang sumisipot saanmang purok na sobra ang dami ng tao—problema sa polusyon, transportasyon, kalusugan, edukasyon, bahay-tirahan at marami pang bagay na kaugnay sa pamumuhay. Kaya naman dapat na magtulungan ang lahat ng may kaya.

ISANG BAGONG mapayapang pakikidigma ang nasasaksihan ngayon sa Timog, na labis na ikinatuwa ng Peace Panel ng gobyerno. Ang bagong sistema ng pakikidigma ng mga Muslim na nagtataguyod ng kaayusan at kapayapaan sa Mindanaw at Sulu ay tungo sa kaunlaran. Nakikipaglaban sila, hindi sa pamamagitan ng armas. Ngayon, ang hawak nila ay araro at kalabaw. Nabatid ito sa ginawang pag-survey ng Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA). At gumagamit pa ng makabagong sistema sa pagsasaka, kaya nakatitiyak nang malaking ani. Unti-unti, ang mga magsasakang Muslim ay namumulat na sa makabagong sistema ng pagsasaka. At nakikinig sila sa payo at tulong ng mga tekniko ng agrikultura. Sa mga magsasakang Muslim, karamihan ay nasa Kutabato, ay mahalaga na sa kanila ang nagagawang buti sa kanilang kabuhayan ng pamumuhunan ng sipag, tiyaga at pagod. Gayunman, ipinapayo pa rin ng SEARCA sa mga magsasakang Muslim na magpayaman pa ng kamulatan sa pagsasaka nang mapadali ang pagpapaunlad ng kabuhayan nila, na bahagi rin ng pambansang kaunlaran.

MARAMI ang nagsasabi, laluna yaong mga maibigin sa katahimikan, na malaki ang naitulong ng martial law sa tinatamasang biyaya ng kalakhan. Sa panahong ito natuklasan nang maraming malikhaing isip ang mabibisang di-karaniwang paraan sa pagpapalaki ng ani sa agrikultura at industriya. Napagbago ang kaisipan ng maraming kabataan na noon ay alipin ng aktibismo. Ngayon ay masusugid na silang kawal ng kabutihan na pangunang layon ng Bagong Lipunan. Kapuri-puri ang ginagawa ng Kabataang Barangay sa paghahayag ng mga katiwaliang ginagawa ng mga kilala at litaw na tao. Sila rin ang may kagagawan sa pagkilos ng mga pinuno ng gobyerno upang usigin ang mga cocktail lounge, bar, sauna bath, bilyaran, bahay aliwan at iba pang libangan na malalapit sa mga gusali ng paaralan. Sa panahon ng martial law nagkaroon ng mga bagong kaibigang bansa, sumigla ang kalakalan, at marami ang umunlad ang kabuhayan, laluna yaong mga namumuhunan ng sipag, punyagi at pagpapakasakit. Anupa't sa panahon ng martial law natuklasan ng marami ang kanilang sarili at ang katotohanan, na ang gutom ay madaling digmain sa pamamagitan ng sipag at punyagi, na kalangkap ang pagkilala sa nagagawang bisa ng disiplina sa pambansang kaunlaran.

NAKIKITA na ang malaking tagumpay ng gobyerno sa kampanya nito sa paghimok sa mga rebeldeng Muslim upang magbalik sa lupi ng batas at tumulong sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomiya. Ang tagumpay, ipinakikilala sa pagbabalik-loob sa gobyerno ng may 1,120 rebelde sa Lanao del Sur, ay utang sa matataas na pinuno ng rebeldeng Muslim, sa mga tauhan ng AFP, sa Peace Panel ng gobyerno at kay dating Kongresista Muhammad Ali Dimaporo na ngayon ay gobernador ng nasabing lalawigan. Ang pamamaraang ginagamit ng mga kinauukulang ito ay itinuturing na positibong pakikitungo sa mga Muslim ng matataas na pinunong militar, sa pangunguna ni Koronel Emilio Luga, pangkalahatang komander ng brigada ng AFP at Ten. Kor. Demasunong Macabuat. Kasama sa bagong pakikitungo nina Gobernador Dimaporo ang paglalaan ng permanenteng lugar para sa mga sumusukong rebelde, na ang lawak ay libu-libong iktarya ng basal na lupain. Ang layon ay mapadali ang rehabilitasyon ng mga rebeldeng ito na nagpasiya nang tumalikod sa pamumundok. Sa rehabilitasyon ng mga rebelde ay kasamang nagtataguyod ang kagawaran ng kagalingang panlipunan at iba pang pangkat na may malaking malasakit sa paghahari ng kapayapaan sa timog. □

# LETTERS

Dear Sir:

We acknowledge with appreciation v. 1 no. 7 of *The Republic*. This is a useful publication for our program. May I request that you send us one copy of v. 1 nos. 1-6? We would like a complete run. In this way, we can bind each volume when it is completed. Please let us continue receiving your excellent publication.

DONN V. HART
Director
Center for Southeast
Asian Studies
Northern Illinois University

Dear Sir:

We wish to bring to your attention the northernmost island-province of the Philippine archipelago, Batanes.

The Department of Public Information Region 2 has special concern for this province because of its isolation and consequently its apparent want for a reliable source of relevant information for enlightenment. While the province receives newspapers only twice a week, it can monitor only some Manila-based broadcast stations for up-dated information.

We were able to establish a Development Information and Assistance Center (DIAC) in Basco, Batanes to serve the development information needs of the province.

Since our main concern is the timeliness and relevance of information disseminated, may we request that you send at least 200 copies of the Republic directly to DIAC, Basco, Batanes which will take charge of its distribution to public officials. This proposed procedure may help minimize delay and expense in the distribution of this prestigious development information paper. As of now the course of distribution is from Manila to Tuguegarao, then back to Manila to Batanes.

We sincerely wish you can accommodate this request for the good of the people of Batanes.

ALIPIO C. PAGULAYAN, JR.
Chief, Information Section
Department of Public Information
Region 2
Tuguegarao, Cagayan

## Not So Funny

— Larry Alcala

